

PROLOGUE

Makulimlim at malamig ang paligid nang hapong iyon. Tila babagsak ang malakas na ulan anumang oras. Dried leaves skimmed the grassy earth at the *Safe Haven Cementery*.

Not that it mattered to Arnold. Sa kasalukuyan ay kasama niyang nakatayo ang ama sa harapan ng puntod ni Dexter, ang nasira niyang kapatid.

Kailanman, hindi pumasok sa kanyang isipan ang pagkakataong ganito: ang pagbisita sa kaisa-isang kapatid sa gayong klase ng lugar.

He's dead. Ipinagsisiksikan niya sa utak ang katotohanang iyon ngunit tulad ng sa isang masamang panaginip, hindi iyon lubusang matanggap ng kanyang sistema. Na para bang anumang oras ay babangon si Dexter mula sa hukay saka tatawa, at sasabihin sa kanyang masamang biro ang lahat.

Just like in the old days. Sadyang palabiro ang kanyang kapatid noong nabubuhay pa ito.

He would have cried in anguish hadn't his old man spoke up. "Now that it's over, I want you to deliver to the Villaromans this message: I am displeased!"

And by that, he meant war.

Natatandaan pa ni Arnold nang huli nitong sabihin ang mga salitang iyon a long time ago. Tumatakbo pa lamang ito bilang congressman at dahil sa isang matapang na writer-columnist ay muntik nang mawala ang tsansa nito sa pagkapanalo.

A picture of Ramon with another woman was published on local newspaper. Bumagsak nang ilang puntos ang popularity ni Ramon base na rin sa survey dahil sa iskandalong iyon. He was so displeased.

After his father won the election, the wife of said writer-journalist was found dead in their own home. Ang dahilan umano ng pagkamatay nito ay drug overdose.

But Arnold knew better. Alam niya kung ano ang kayang gawin ni Ramon. He was a hard man to his wife and two sons. Ngunit hindi na iyon mahalaga pa, dahil ang importante ngayon para sa kanya ay mabigyan ng hustisya ang pagkamatay ni Dexter.

Sa pagkakataong ito ay hindi na siya kailangan pang diktahan ng ama, he was displeased himself. And he wanted revenge, mercy and compassion be damned.

He would go to hell for sure.

“Hindi mo na ako kailangan pang diktahan,” aniya sa ama. He really hated his father’s guts. Ito ang dahilan kung bakit siya nagtungo sa Amerika. Ninais niya itong takasan at makawala sa impluwensya nito. Lalo pa nga nang mamatay ang kanyang ina, he could not find a reason to stay. Except for Dexter.

Nangako siyang babalikan ito at isasama sa Amerika oras na makatapos ito ng pag-aaral sa kolehiyo. Ngayon ay alam na niyang hindi na siya nito nahintay pa. Sinisisi ni Arnold ang sarili.

“Sinisiguro ko lang na sa pagkakataong ito ay sumunod ka sa akin. Minsan ka nang sumuway... now, look at the consequences. If you want to redeem yourself, Arnold, you know what to do,” anang kanyang ama.

Ayaw ni Arnold na magpaapekto sa mga salita nito, ngunit nagkataong sobra ang nararamdaman niyang guilt nang mga oras na iyon kaya tinanggap na lamang niya ang lahat ng sisi.

“Go home,” aniya kay Ramon. “Wala ka nang kailangan pang gawin dito.”

“Fine. Pero inaasahan kong isa sa mga araw na ‘to ay kikilos ka na.”

“Of course, kikilos ako. You don’t want to get

your hands dirty, do you?” Kahit gaano kasama ang budhi nito, kailanman ay hindi pa ito naglakas-loob na gawin ang nais. Lagi na ay may utusan itong gumagawa ng trabaho. His dirty job.

Hindi man lang nainsulto si Ramon sa kanyang sinabi. “Such spirit. Don’t let it go to waste, son.” Pagkatapos siyang tapikin sa balikat ay tumalikod na ito upang tunguhin ang naghihintay nang sasakyan.

Agad nagsilulan ang mga nakabantay nitong bodyguards sa dalawa pang magkasunod na kotse. Mayamaya pa ay mag-isa na si Arnold sa tahimik na lugar na iyon.

Kung naroon lang siya nang mga panahong kailangan ng kapatid, sana ay hindi nangyari ang lahat ng ito. Ilang taon din siyang namalagi sa New York. Hindi niya inakalang ang pagkamatay pa ng kapatid ang magpapauwi sa kanya rito sa Pilipinas. Ni hindi man lang siya nagkaroon ng pagkakataong makita si Dexter habang naghihingalo sa *St. Luke’s*.

Sa alaalang iyon ay umapaw ang poot sa puso ni Arnold. No amount of tears could bring Dexter back, yes, but at least he could give justice to his death. Uumpisahan niya sa simula.

What’s the slut’s name again? he thought to

himself. And then it came to him. *Sierra*.

Iyon ang pangalan ng babaeng nagsimula ng gulo. Bakit nga ba ito nagustuhan ng kanyang kapatid? Maybe she was really good in bed. Maybe. Ngunit isang bagay lang ang nasisiguro niya, at iyon ang katotohanang ito ang naging sanhi ng pagkamatay ni Dexter. Pinaglaruan lang nito ang kapatid niya.

Mariing pumikit si Arnold nang sa gayon ay mabawasan ang sakit at pait na nararamdaman. Bigo siya. Naroroon pa rin ang kirot at imbis na mabawasan ay tila nadaragdagan pa sa paglipas ng oras. Kung gayon ay kailangan na lang niya iyong tiisin.

Ano pa nga ba ang kailangan niyang gawin? Hindi lang ang paghihiganti kay Sierra at pagpapakulong sa kapatid nitong si Raphael ang nais niyang gawin. No, that would be too easy for them. Ang gusto niyang mangyari ay magdusa ang mga ito, katulad ng pagdurusa ng kapatid nang walang-awang bugbugin ni Raphael, at itulak hanggang sa mahulog mula sa condo unit ni Sierra, mula sa ika-limang palapag ng gusaling iyon.

His entire being was screaming for revenge. He could even feel hatred rushing to his head, clouding his vision. He needed to get back at them and only

then would he be able to sleep at night, to breathe again, to live again.

He would strike at the most unexpected moment, strike as much as he could and damn the consequences.

Even now, he could envision the scenario that led to his brother's death. Pati ang mga litratong nagpapakita ng paghihirap nito ay tila napagkit sa kanyang isipan. Noong una ay hindi niya magawang tingnan ang mga larawan, pero pinilit niya ang sarili nang sa gayon ay lalong tumanim sa puso niya ang sakit, ang hinanakit. Kahit sa gayong paraan man lang ay maibaling niya sa sarili ang sisi.

Nagsimulang bumuhos ang ulan. Hindi iyon ininda ni Arnold. Okupado ng mas mahalagang bagay ang kanyang isipan. Ang nalalapit niyang paghihiganti.

“Maghintay ka lang, Dexter,” anas niya na umaasang dadalhin ng hangin ang pangakong iyon saan man naroroon ngayon ang kapatid.

1

Sierra heard her mother calling her name and then yelling at someone. Sinuman ang sinisigawan nito ay hindi niya alam. May bahid ng panic ang tinig ni Murietta na lubos niyang ikinabahala.

Mula sa ikalawang palapag ng kanilang ancestral house ay pumanaog siya sa receiving area. Nakita nga niya roon ang ina; umiiyak ito habang pinipigilan ang mga pulis sa pagposas kay Raphael, ang nakatatanda niyang kapatid.

“You can’t do that to my son, how dare you! Pakawalan ninyo ngayon din ang anak ko!” sigaw ng babae.

On the other hand, Raphael was amazingly calm, ni hindi ito umalma nang dakpin ng apat na pulis. Gayunpaman ay nakatingin ito sa kanya, nagpapaunawa ang paraan ng pagtitig nito.

“Kuya?” aniya na walang ibang masabi.

Mayroon siyang ideya kung bakit dinakip ng mga pulis ang kapatid niya, ngunit labing-isang araw na ang lumipas mula nang mangyari ang insidente sa condo unit niya. Hindi nila inaasahang darating pa

ang oras ng ito.

Bakit ngayon lang? Ilang araw nang nakalibing si Dexter. Ang buong akala nila ay tanggap ng mga Lijamco ang kanilang eksplanasyon, ang kanilang paliwanag kung bakit nangyari ang aksidente. Nagkamali sila ng akala.

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Sierra sa kapatid, sa ina at sa apat na pulis na kasalukuyang mahigpit na nakabantay kay Raphael.

Tanging silang magkapatid ang nagkakaintindihan nang mga oras na iyon. “It’s all right, Sierra. Kumalma ka lang at asikasuhin si Mama,” anang lalaki.

Tumango siya dahil totoong mahina ang puso ni Murietta. Nag-iingat sila dahil traydor ang sakit sa puso, ayaw nilang mawala ang ina. Ngunit bago ang lahat ay nais muna niyang makasiguro.

“May warrant of arrest ba kayong maipapakita?” asik niya sa apat na kalalakihang naroroon.

Ang pulis na nakahawak sa braso ni Raphael ang sumagot sa kanya. “Meron ho, Ma’am. Sa katunayan, ‘murder’ ang kasong nakahain sa kapatid n’yo. Heto ho ang warrant of arrest. Nakita na rin ho ‘yan ni Mrs. Villaroman.”

Binasa iyon kaagad ni Sierra. Hindi na siya nagulat sa nilalaman niyon. At kahit alam niyang galit ang nag-uumapaw sa puso ni Raphael nang mga oras na iyon, pilit itong nagpapakahinahon alang-alang sa kanya at sa kanilang ina.

Anito sa kanila, “Everything’s gonna be okay, I promise you that.” Nagsimula na itong itulak palabas ng dalawang pulis, but he steadfastly remained where he was.

Sinenyasan siya ng kapatid kaya nilapitan niya ito. “Alam mo naman siguro ang dahilan kung bakit nangyari ang lahat ng ‘to, di ba?” She nodded. “Ikaw na muna ang bahala kay Mama. You know how she is, baka hindi niya makayanan ang mga nangyayari ngayon. Pero ‘wag ninyo na munang tatawagan si Papa. Ako na ang bahalang kumausap sa kanya kapag nagkaroon ako ng pagkakataong tumawag mamaya.”

“All right. Pero mag-iingat ka, Kuya...”

“I will.” Nang makita nito ang pag-aalala niya ay malungkot itong ngumiti. “Be strong, Sierra, don’t let them get to you.”

“Siyempre naman.” Then her emotions finally crumbled.

“I’m sorry. Nangyari ang lahat ng ito dahil sa

‘kin. Pero ‘wag kang humingi ng tawad dahil ginawa ko lang ang dapat, naiintindihan mo? Now, stop whining,” saway nito. Pagkatapos ay hinarap nito ang umiiyak pa ring ina. Nagpaalam lang si Raphael, saka humalik sa pisngi nito.

Mayamaya pa ay hinila na ito ng mga pulis at isinakay sa mobile. Wala silang nagawa kundi sundan ang mga ito hanggang gate at pinanood hanggang hindi na makita ang humaharurot na sasakyan.

Yumakap si Sierra sa ina. “Maaayos din ang gulong ‘to, Ma. Hindi ba’t mismong si Kuya na rin ang nagsabi niyon? You should trust him, you know. When did he fail you anyway?”

Stricken, Murietta looked up at her. “May tiwala ako sa kuya mo, anak, pero wala sa mga Lijamco. You have no idea what they can do to your brother, especially now that he’s so helpless.”

Nagkakamali ka, Mama, sa isip ni Sierra. Hindi lang nito alam ngunit muntik na siyang mapahamak nang dahil sa isang Lijamco. Siyempre ay hindi na niya iyon sinabi pa sa ina.

“I’m sure Papa will take care of everything. At isa pa, alam natin ang totoo, hindi nila maaaring ipakulong ang walang kasalanan.”

“I hope you’re right, hija.”

“Siyempre naman!” Pilit niyang pinasigla ang tinig. “Stop crying, Ma. Now your makeup’s ruined.”

Pinahid lamang nito iyon ngunit nagpatuloy pa rin sa pag-iyak. Wala tuloy siyang magawa kundi aluin at samahan ito.

Lumipas ang ilang araw na hindi man lang nakapagpiyansa si Raphael. Unbailable ang inihaing kaso rito kaya maging si Godofredo na ama nila ay wala ring magawa.

Hinangad nilang makausap si Mr. Arnold Lijamco, ang diumano ay kapatid ni Dexter na galing pa sa Amerika. Hindi kilala ng pamilya niya ang lalaki, paano ay anim na taon itong namalagi sa ibang bansa.

Ipinagbilin sa kanila ng abogado ni Raphael na si Emilio Duarte ang isang bagay. Bawal umano silang makipag-usap man lang sa kabilang panig. Kagustuhan iyon ng mga Lijamco.

Ibig sabihin ay walang balak ang mga itong pag-usapan ang kaso. Bakit hindi? Makapangyarihan si Congressman Ramon Lijamco kaya nasa panig nito ang batas.

Gayunpaman ay nagpasya si Sierra na makipag-usap kay Mr. Arnold Lijamco. Maaaring hindi magustuhan ng pamilya ang gagawin niyang ito, ngunit susubukan niya pa rin. Dadaanin niya ito sa pakiusapan, and by God, she would make him see reason.

Sierra had to pull some strings just so she could obtain information on Arnold's whereabouts. Ayon sa isa niyang kaibigan na nagkataong kaibigan din ng mga Lijamco ay naroon umano ito ngayon sa Cebu at doon ay mananatili pa ng ilang araw.

Napakatagal niyon para kay Raphael na nagtitiis sa mainit at malamok na piitan sa Quezon City. Idagdag pa na nagpipiyesta ngayon ang press dahil sa iskandalo.

Alam ni Sierra na kailangan niyang kumilos agad upang masaklolohan ang kapatid. Kahit pa nga masasakripisyo ang trabaho niya in the process.

Kung kailan pa nagkakagulo ang kompanyang ang lolo niya mismo ang nagtatag, saka pa nangyari ang ganito. Pero wala siyang magagawa kundi ipagkatiwala muna sa sekretaryang si Alma ang maiiwang trabaho.

Ang tanging problema lang talaga ay kung ano ang idadahilan niya sa pamilya sa kanyang pag-alis.

Pasado alas seis ng gabi nang lumapag sa *Mactan Domestic Airport* ang sinakyang eroplano ni Sierra. Mula roon ay sumakay siya ng taxi at sa mismong *Grand Hotel* nagpareserba ng silid—ang hotel na tinutuluyan ni Arnold habang naroroon sa Cebu.

So far so good, aniya sa sarili habang iginagala ang paningin sa kabuuan ng magarang lobby.

Isang particular na lalaki ang hinahanap niya, although hindi siya sigurado kung malaki ba ang pagkakahawig ni Arnold sa nasira nitong kapatid. Ang tanging alam niya tungkol dito ay mas matanda ito ng anim na taon kay Dexter. Kaedad niya ang huli sa gulang na beinte cuarto.

Sierra sighed. Gaano man kabait tingnan ang receptionist ng hotel ay hindi nito sasabihin sa kanya ang room number ni Arnold. Kahit pa nga pakiusapan niya ito.

Isinulat na lamang niya sa isang kapisasong papel ang naisip na alyas at pagkatapos ay iniabot iyon sa receptionist. Ipinagbilin niya sa huli na iabot iyon kay Arnold at kung maaari ay sabihin ditong nais itong makausap ng babaeng nagngangalang 'Sarah

Santillan' tungkol sa isang mahalagang bagay. Kung papayag itong makipagkita ay ito na mismo ang mag-set ng oras at lugar nang sa gayon ay hindi ito maabala sakali mang may iba itong lakad.

Pumayag naman ang receptionist. Matapos makapagsalamat ay tinungo ni Sierra ang nakuhang silid. Nagpahinga lang siya sandali at mayamaya ay nagpasyang maligo nang sa gayon ay umaliwalas ang pakiramdam. Ngunit taliwas sa inaasahan niya ay hindi niya maramdaman ang pagod at antok, paano ay puno ng alalahanin ang isip niya.

She tried to sleep, but after an hour of tossing up in bed, she finally gave up. Muli ay nagpalit siya ng damit at lumabas ng hotel.

May pamosong parke di-kalayuan sa hotel kaya iyon ang tinungo ni Sierra. Sa bungad pa lang ay kita na niya ang napakaraming tao roon. May mga nagpi-picnic, may mga simpleng namamasyal lang at mayroon ding ilan na nag-jo-jogging doon.

Hindi na niya maaalala kung kailan siya huling nakapunta sa isang parke. Kadalasan kasing pinapasyalan nila noong mga bata pa ay sa amusement parks o hindi kaya naman ay sa museums.

Naupo si Sierra sa isang wooden bench na naroon

sa pinakatahimik na parte ng parke at binuklat ang hawak na *Reader's Digest*.

Napabuntong-hininga siya pagkatapos magbasa at payapang pinapanood na lamang ang mga masasayang batang naglalaro sa parke.

Kailan nga ba niya huling ginawa ito? Hindi na niya maalala. Masyado kasi siyang subsob sa trabaho at minsan ay nakakalimutan na niyang maglaan ng oras para sa sarili.

Napaka-competitive naman talaga ng mundo para sa gaya niyang businesswoman. Na para bang kailangan niyang patunayan sa lahat na deserve niyang malagay sa kasalukuyang puwesto sa kanilang kompanya at hindi dahil anak siya ng may-ari. Nakakapagod din.

Gayunpaman ay ipinangako niya sa sarili na gagawin ulit ang ganito sa oras na matapos ang problema sa kapatid at oras na maging stable ang kompanya. Who knows? Baka nga mag-out of the country pa siya.

Dala ang isiping iyon ay nagpasyang umuwi na si Sierra. Halos isang oras na kasi ang lumipas mula nang lisanin niya ng hotel. Baka may balita na ang receptionist tungkol sa bilin niya.

Ngunit sa pagtayo niyang iyon ay hindi niya napansing may paparating na lalaki kaya ang nangyari ay nabangga siya nito.

“Oh, I’m sorry!”

“I’m sorry, Miss...”

Halos magkapanabay nilang sambit ng matangkad na lalaki. Pinulot nito ang nahulog na *Reader’s Digest* at iniabot sa kanya.

He’s one of the runners, naisip ni Sierra nang makita ang pawisan nitong mukha at katawan. But contrary to what she was seeing, hindi ito amoy-pawis, bagkus ay mabango ang singaw ng katawan nito.

She remembered her manners in time. “Okay lang,” sagot niya na sa mukha ng lalaki nakatingin. An aristocratic nose, an unsmiling mouth and a hooded pair of dark eyes.

Gusto sana niyang ngitian ang lalaki pero napigilan siya nang mapansin ang seryoso nitong anyo.

He looked like a disturbed man. Saglit siya nitong pinagmasdan, saka tumango. Agad din itong bumalik sa naudlot na pagtakbo.

Ipinagkibit-balikat na lamang iyon ni Sierra. At least alam na niya ngayon na hindi lang siya ang tao sa mundo na may dinadalang problema. But still... she found him very attractive and intriguing man.

Ang nakapagtataka lang ay tila pamilyar ang mukha nito gayong sigurado siyang ngayon lang niya ito nakita.

2

Kinabukasan ay maagang nagising si Sierra. Maingat niyang inayusan ang sarili dahil ngayong umaga ay magkikita sila ni Mr. Lijamco sa restaurant ng hotel.

Tinawagan siya ng receptionist nang nakaraang gabi upang sabihing pumayag ang lalaking makipagkita sa kanya.

Sierra carefully fixed her long hair. After that she applied mascara to her long lashes, dabbed a neutral shade of lipstick to her full, supple lips. finally, she donned her favorite dress—a *Marc Jacobs* creation she bought in New York two months ago.

Tatal naman ay breakfast meeting iyon, magsuot na lamang siya ng slingbacks na flat ang sole.

Alas siete na ng umaga. Pagpasok sa restaurant ay nagpalinga-linga na siya sa paligid bagaman maaga siya ng sampung minuto sa pinag-usapang meeting time. Mahalaga ang oras sa mga negosyanteng gaya nila. Baka kasi kapag hindi niya naabutan doon si Mr. Lijamco ay magpasya itong i-cancel ang meeting, mahirap na.

Pag-upo pa lamang niya sa pinakasulok na parte

ng establishment ay inatake na siya ng nerbyos, pero pinilit niyang labanan iyon.

Mayamaya pa ay napukaw ng isang matangkad na lalaki ang kanyang atensyon. Kumunot ang kanyang noo habang inaaninag ang mukha ng lalaking sa kasalukuyan ay kausap ang receptionist. Mukha kasi itong pamilyar...

And then it hit her. Ang lalaking iyon ay ang nakabangga niya sa parke nang nakaraang gabi, ang mismong lalaking hindi marunong ngumiti. Wala sanang kakaiba sa coincidence na iyon, kaya lang ay papalapit ito sa kanya ngayon.

Hindi nga kaya at...?

He strode toward her with commendable grace.

Oh, my... that's him? Sierra thought as she examined the approaching man. He looked gorgeous and manly in that formal attire.

And just as she thought, mukhang may iba pa itong lakad pagkatapos makipag-usap sa kanya.

One thing struck her thought, napakalaki ng kaibahan ng anyo nito sa nasirang kapatid. Parehong guwapo, oo, ngunit sa magkaibang paraan. Dexter was the boy-next-door type. Pero ang lalaking ito...

he looked more like a predatory male.

He stopped directly in front of her, fixed her in place with just a continuous stare. "Ms. Santillan?" tanong sa kanya.

She remembered her manners, stood up and offered her hand. "Yes. Mr. Arnold Lijamco? I'm pleased to meet you."

"Seems to me you're a very resourceful lady. You know my name."

"Well... yes."

"Please sit," anito na umupo na rin sa kaharap niyang upuan.

Kung natatandaan man nito ang nangyari sa parke nang nakaraang gabi ay hindi niya alam. Wala siyang mabasang recognition sa mga mata ng lalaki.

Presently, he looked plain curious. "You got in early," komento nito.

"I don't want to be late." She tried her best to look calm though her heart was beating so fast.

Tila siya ang hinihintay nitong magbukas ng usapan, kung ano ang rason ng kanyang pakikipagkita. Gayunpaman ay hinihintay muna niyang makapag-

order sila ng pagkain bago naglakas-loob na nagsalita.

She could have waited until they were finished with their meal, but the truth of the matter was that she could not delay the inevitable—she might as well get it over with.

Sierra placed her palms upon her knees. “I’m sorry, pero hindi naman talaga ‘Sarah Santillan’ ang pangalan ko. Nagsinungaling ako para mapapayag kang makipagkita sa akin.”

Kumunot ang noo nito na tila nairita. “I wonder... why is that?”

“Gusto kitang makausap nang harapan, Mr. Lijamco. Hindi ko dapat ginawa dahil pinabawalan ng abogado... pero gusto ko pa ring subukan.”

He was fast. Naintindihan agad nito ang kasalukuyang sitwasyon. Sa wari pa nga niya ay nahulaan na nito kung ano ang tunay niyang pangalan. Kaagad nag-iba ang ekspresyon sa mukha ng lalaki—from curiosity to hostility. Nagtiim-bagang at pagkatapos ay naningkit ang mga mata. Hindi maikakailang malaki ang galit nito sa sinumang kasapi o miyembro ng kanilang pamilya.

“You have a sensible lawyer. So what happened? Bakit narito ka ngayon sa harapan ko?”

“Lumipad pa ako mula sa Maynila patungo dito sa Cebu dahil umaasa akong maayos pa ang gulo sa pagitan ng mga pamilya natin, Mr. Lijamco.”

“Feel free to call me ‘Arnold’. After all, we have this, shall we say, connections between our families, right?”

“Mr. Lijamco—”

Pinutol nito ang kanyang pagsasalita. “And what does the good old Godofredo Villaroman say about his daughter traipsing across the country?” After the initial anger, wala na uling reaksiyon ang mukha nito. hindi mabasa ni Sierra ang mga mata nito.

Gambler eyes, she thought to herself.

“Walang alam ang pamilya ko sa ginawa kong ‘to. Kagustuhan kong makipagkita sa ‘yo... Arnold. You see, ayaw nilang makipag-ayos sa inyo kaya ako na lang ang nagkusa. Hindi papayag si Raphael, lalung-lalo na ang Papa.”

“And with good reason.”

Nararamdaman ni Sierra na sa malaon at madali, mapipikon siya sa paraan ng pananalita nito. Ngayon pa lang ay sinasabi na niya sa sarili na kailangan niyang magpakahinahon kahit ano ang mangyari.

“Hindi ko alam kung ano ang sinabi niya sa ‘yo, Arnold, pero sa maniwala ka at sa hindi, wala kaming kasalanan ni Raphael. Hindi namin ginusto ang nangyari sa kapatid mo.” Hindi siya nito sinagot. “If you would just listen to what I have to say, baka sakaling magkaintindihan tayo.”

“So far all you’ve said to me was trash.” Kumuha ito ng pera sa pitaka at inilapag iyon sa ibabaw ng mesa, pagkatapos ay sinenyasan ang waiter sa dikalayuan.

“Yes, Sir?” anito kay Arnold nang makalapit.

“Coffee for the lady, please.”

“Anything else?”

“That’s all, thank you.” Nang makalayo ang waiter ay muli siya nitong binalingan. Siguro ay nabasa nito ang pagtataka sa kanyang anyo kaya nagpaliwanag ito. “You need the dose of caffeine, my dear, para magising ka sa katotohanang kailanman ay hindi kami makikipag-ayos sa inyo.”

“Pero—”

“There’s one thing I need to know before I leave, though. Gusto kong malaman... nagustuhan mo ba ang kapatid ko noon?”

Si Sierra naman ang nagtaka ngayon. “Hindi ko sigurado kung ano ba talaga ang tinutukoy mo. I mean, matagal na kaming magkakilala ni Dexter... halos tatlong taon din. Of course, I liked him; what’s not to like anyway?”

Tila mawawalan na itong pasensya. “Dederechahin ko na. Minahal mo ba siya?”

“Kakaiba ang mga tanong mo, Arnold...”

“Just answer the question.”

“As a friend, yes.”

Tila siya matutunaw sa paraan ng pagtitig ng lalaki. Hindi niya maintindihan kung bakit pinagmasdan nitong mabuti ang kanyang anyo. Mayamaya ay tumayo na ito at bago siya makahuma ay nakalabas na ito ng restaurant.

Pasakay na ito sa backseat ng puting kotse nang abutan niya.

“Sandali lang, please!” pakiusap niya na humawak pa sa braso nito. Sa isip niya, kung hindi lang kailangan ay nunca niyang kausapin ang lalaking ito.

Inilabas niya ang calling card mula sa quilted clutch at iniabot iyon dito. “Please bigyan mo pa

sana ako ng pagkakataong maipaliwanag sa ‘yo ang nangyaring aksidente. Puwede mo akong tawagan sa alinmang numerong nakasulat diyan o kung gusto mo naman, ako na lang ang tatawag sa ‘yo. Just give me your contact number so I—”

Sa ikatlong pagkakataon ay napigil siya nito sa pagsasalita. Ngayon ay dahil nagulat siya nang paliparin nito sa ere ang iniabot niyang calling card. Parang basurang itinaon lang nito iyon.

“Do yourself a favor, Sierra. Magbasa ka na lang ng maraming *Reader’s Digest* para may magawa ka sa buhay mo. Don’t ever bother me again ‘cause I won’t change my mind, that’s for sure.” Walang lingon-likod itong sumakay sa sariling kotse.

Transfixed and rooted to the spot, Sierra watched as the car backed away from the concrete driveway.

Habang nasa loob ng kotse ay laman ng isip ni Arnold ang pinag-usapan nila ni Sierra.

She didn’t love him, he mused to himself habang nakatanaw sa labas.

Aaminin niyang napakaganda nito, ngunit hindi lang naman ito ang magandang babae sa mundo.

Sa katoninayan, mas marami pa ngang mas maganda kaysa kay Sierra...

But Dexter loved her nonetheless.

Why bother? Why did you love her when she didn't love you? And why did you let her ruin your life?

Kahit pa siguro bumangon sa hukay ang kapatid upang magpaliwanag sa kanya ay hindi pa rin niya maiintindihan.

Dinukot niya ang mobile phone mula sa bulsa nang mag-vibrate iyon. Si Fatima Grace Primero ang caller, an ex-classmate and ex-girlfriend of his. Happily married na ito ngayon.

“Fatima,” bati niya sa nasa kabilang linya habang ibinababa ang windshield ng kotse. Sa gayong paraan ay mapagmamasdan niyang mabuti ang kagandahan ng Cebu.

“Nasa akin na ang pangalang hinihingi mo,” bungad nito.

She sighed in self-disgust. Arnold could very well image her pouting lips. Nakaugalian na nito ang gayon kapag naiinis o naiirita.

“Now, puwede mo na bang sabihin sa ‘kin ang intension mo o hahayaan mo pang manghula ako? I

deserve an answer. Kung alam mo lang ang hirap ko bago makuha ang pangalang ‘yan mula kay Papa... alam mo namang hindi kami magkasundo ng taong ‘yun. Tell me now so that if he suddenly decides to kill me, I’ll understand why.”

“Bakit pa? Hindi naman kita ipapahamak.”

“You’re evading the issue here.” There was stubbornness in her tone of voice that he recognize, and Arnold had to smile.

“Saucy witch. Why don’t you just trust me on this?”

“The last time I trusted you, I remember being jaded. Sorry, but that can’t do.”

Alam niyang matutulungan siya nito sa ilang bagay. If he knew how to push her button, that was. “I know you want to help, Fatima. Kung hindi bakit ka pa tumawag sa ‘kin ngayon?” In a softer tone, he added, “Come on, Fatima, be a pal. I’ve been through hell last week so... give. Kaya nga ikaw ang nilapitan ko dahil alam kong ikaw ang tanging makakatulong sa ‘kin. Sa ‘yo lang ako may tiwala pagdating sa ganitong bagay.”

Fatima had always been emotional in the past—a flaw or a virtue, whatever the case may be. He was

counting on it right now. Alam niyang mapapahinuhod din niya ito.

He was right. Unti-unti ay lumambot ang kalooban nito sa kanya. “You’re such an asshole, Arnold...”

Muli siya ay napangiti siya. “A loser, too.”

“You know that I really hate you right now, don’t you?” Huminga muna ito nang malalim bago tuluyang ibinigay ang impormasyong kailangan niya. “Joaquin De Alba ang pangalan ng stockholder ng *Villaroman Steels, Inc.* na nagbabalak magbenta ng kanyang shares sa kompanya. ‘Thought I’m not entirely sure, you could try to persuade him to sell it to you.’”

“He’ll sell, that’s for sure.”

“Sa tamang presyo?”

“Sa tamang presyo.” He was instantly grateful. “Salamat, Fatima. Hindi ko makakalimutan ang ginawa mong ‘to para sa akin.’”

“Wag ka munang magpasalamat. Sa palagay ko, kailangan mong malaman na... mahihirapan kang bilhin ang shares ni Mr. De Alba. He is most likely to sell first to the Villaromans.”

“Paano kung mataas ang bid ko?”

“It’s a question of honor ang loyalty, not money.”

“Loyalty and honor to Godofredo? You’ve got to be kidding me. There’s no such thing as loyalty when it comes to business.”

“Hay naku, Arnold, wala ka talagang alam. You see, Mr. De Alba is Sierra Villaroman’s fiancé. Kay Sierra siya loyal at hindi kay Godofredo.”

Saglit itong pinag-isipan ni Arnold. “I see your point,” aniya mayamaya lang.

“Mabuti naman. And another thing? Sana lang hindi ako madamay sa gulong gagawin mo. Alam mo namang magkaibigan sina Papa at Tito Godofredo, di ba? God, he even went to visitus several times! I’m like the ultimate traitor-backstabber now.”

“Not to me though.”

“Am I supposed to feel glad now? Hay, basta mangako ka na lang sa akin na kahit ano’ng mangyari, hindi mo ako ipapahamak.”

“Pangako, walang makakaalam na ikaw ang traitor-backstabber sa Villaroman family.”

She winced. “Paano? Kailangan ko nang

magpaalam sa ‘yo dahil narito na si Dominic.”

“Give my best to your husband.”

“Sure.”

Patlang. “Are you happy with him, Fatima? Sabihin mo lang sa ‘kin kung sinasaktan ka niya, bibigyan ko siya ng memorandum.”

Natawa ang babae. Gayunpaman ay seryoso na ito nang sagutin siya. “Oo, masaya ako sa piling niya. Nagmamahalan kaming dalawa, Arnold. I never thought that’s possible, you know. Akala ko kasi katapusan na ng mundo n’ung magkahiwalay tayo. Pero wala palang imposible, ang dapat lang pala nating gawin, eh, hintayin ang pagdating ng taong magmamahal sa atin nang lubos. Umaasa ako na sana, dumating na ang babaeng para sa ‘yo, Arnold, para naman mag-settle down ka na. You’ve always been so restless.”

“Ganyan ba talaga ang nagagawa ng pag-aasawa?” tudyo niya sa babae. “But seriously, I’m happy for you, Fatima. Mukha ngang masaya ka ngayon.” Nagpaalam na sila sa isa’t isa pagkatapos niyon.

Sa isip ni Arnold, posible nga sigurong mangyari ang sinabi ng kaibigan, pero hindi sa kanya kundi

sa ibang tao. He had always thought that love was overrated. Imposibleng magmahal ng isang tao hanggang sa puntong ibibigay mo ang lahat ng nasa iyo.

Gayunpaman ay muli siyang napaisip nang maalala ang kapatid na ibinigay ang lahat, isinakripisyo ang lahat maging ang sariling buhay nang dahil sa sinasabing pag-ibig.

He would have to get back at Sierra. Lalo pa ngayon sa mga nalaman niya mula kay Fatima. It seemed that he would have to meet up with her again. Iyon ay upang maisagawa ang kanyang binabalak.

Nakabalik na sa sariling silid sa hotel si Sierra at kasalukuyang laman ng isip niya ang naging pag-uusap nila ni Arnold nang makatanggap ng tawag mula sa nobyong si Joaquin. Mahigit isang taon na rin silang magkarelasyon; one year and two months to be exact. Nagbabalak na silang pakasal sa susunod na taon.

Masaya siya tuwing kasama ito. He got that wry sense of humor, at dahil ito pa lamang ang naging seryosong relasyon niya, she fancied herself in love. Hindi man matatawag na passionate

and all-consuming ang kanyang pagmamahal na nararamdaman para rito, masasabing mahal niya si Joaquin.

Oo nga at ma-pride ito kung minsan ngunit alam niyang walang taong perpekto. Normal iyon sa isang relasyon, ang kakulangan. Kailangan lang mokontento sa anumang bagay o tao na mayroon siya.

“Hey, honey, where are you?” tanong nito sa kanya habang siya naman ay nagsimula nang mag-impake ng gamit. Paroon at parito siya habang kinukuha ang gamit sa built-in cabinet.

No, hindi pa siya sumusuko sa pakikipag-usap kay Arnold. Pero sa palagay niya ay kailangan munang palamigin ang issue bago ito muling kausapin. Siguro nga ay kailangan nito ang oras bago makaharap ang sinumang miyembro ng kanyang pamilya.

“May inaasikaso lang ako. Pasensya ka na kung hindi na ‘ko nakapagpaalam kahapon.”

“May magagawa pa ba ako? Anyway, saan ba ‘yang lakad na sinasabi mo? Wala akong matandaang business meeting na kailangan mong gawin ngayong umaga.”

“It’s a family business, honey.”

“Family business,” he repeated. “Kung gan’un bakit hinahanap ka ng papa mo sa akin? Kung family business ‘yan, hindi ba dapat ipinaalam mo muna sa kanila?”

Natigilan si Sierra. “Yes, well... saka ko na ipapaliwanag sa ‘yo, okay? Mag-usap na lang tayo pagdating ko mamayang gabi.”

“Tungkol ba kay Rapahel? Sinabi mo na sana sa akin agad para nasamahan pa kita saanman ‘yang lakad mo.”

“I’m sorry, but I really have to do this on my own.”

“Why do I have this feeling that you’re hiding something from me?” May hinanakit sa tinig nito na ikinabahala niya.

“Of course not! Honey, you’re just being paranoid. Pag-usapan natin ‘yan! Pagdating ko mamaya, okay?”

“Is that a fact?”

“Uh huh.”

“Okay. See you later then.”

Pagkatapos ng kanilang pag-uusap ay ipinagpatuloy ni Sierra ang pag-iimpake. All the while she was thinking to herself, bakit ganoon? Parang

may kulang. Iniisip tuloy niya na hindi talaga totoo ang sinasabi ng iba; the sparks-flying, hormones-gushing kind of love. It was probably just a fad.

She sighed. Ilang oras na lang ang kanyang hihintayin bago makabalik sa Maynila. Mabuti na lang at nakapag-book agad siya ng flight, kung hindi ay baka abutin pa siya kinabukasan sa Cebu. Marami siyang naiwang trabaho sa opisina at kailangan iyong asikasuhin sa lalong madaling panahon.

Lalo na ngayong nagkakagulo sa kanilang kompanya. Nagkakabentahan napa la ng shares sa ibang investor at kailan lang nila natuklasan iyon. Ni hindi nila alam na balak palang ipagbili ni Mr. Greg Sullivan ang ten percent shares nito sa isang mystery buyer.

Ang sabi ng una, masyado raw unstable ang lagay ng bansa kaya minabuting bumalik na lang sa Europa at doon mag-invest.

Wala naman sanang problema kaya lang ay sadyang nakakatakot kapag nagkakabentahan nang hindi nila alam. Kapag kasi nangyari pa iyon uli... kapag nabili ng iisang investor ang majority ng stocks ng *Villaroman Steels, Inc.* ay maaaring mawalan sila ng kontrol sa kompanya.

Pihadong mapupunta ang pamumuno ng kompanya sa major stockholder at iyon ang iniwasan nilang mangyari.

At ngayon ay mismong si Joaquin pa ang nagbabalak magbenta ng sariling shares.

Mabuti na lang at napag-usapan na nilang sa kanilang pamilya din nito iyon ipagbibili. Walang problema kung gayon.